


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

**6**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Pananalig at Pag-asa Tungo sa Kabanalan



**Pangalan:** ___________________________

**Baitang at Seksyon:** ___________________________

**Paaralan:** ___________________________



# Alamin

Ano ang kabanalan? Ano kaya ang nararapat na gawin upang ito ay makamit? Totoo nga ba na ang pananalig at pag-asa ay tumutuloy sa kabanalan? Ito ay ating malalaman sa ating pagpapatuloy.

Ginagamit at hinuhubog natin ang ating pagkatao at kalagayan sa buhay sa ating pananalig sa Diyos. Kung tayo ay nananalig sa Diyos, kasabay nito ay ang pag-asa na dinggin at ibibigay niya sa atin ang ating mga hinihiling.

Mahalaga ang positibong pananaw sa buhay, pananalig sa Diyos at pag-asa upang makamit natin ang ating mga layunin at mithiin sa buhay.

Sa modyul na ito ay malalaman ng mga mag-aaral kung paano ang pananalig at pag-asa tumutuloy sa kabanalan.

**Pamantayan sa Pagkatuto**
Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD-Iva-16**

- Maipapaliwanag kung Paano ang Pananalig at Pag-asa Tumutuloy sa Kabanalan



# Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti. Piliin at bilugan ang titik ng inyong sagot.

1. Paano mo maipapakita na ikaw ay may pananalig sa Diyos?
   A. Araw-araw na pagpupunta sa simbahan
   B. Regular na pagbibigay ng abuloy
   C. Paniniwala na ibibibgay ng Diyos ang lahat ng iyong pangangailangan
   D. Pagdarasal, panalangin at paghihintay na ibibigay ng Diyos ang iyong hinihiling

2. Si Ana ay kumuha ng pagsusulit para sa kursong gusto niya. Masigasig siya sa araw-araw na pag-aaral. Mahirap ang pagsusulit subalit siya'y naniniwala na papasa siya. Ano ang pinanghahawakan ni Ana?
   A. Pananalig sa Diyos
   B. Pag-asa
   C. Pananampalataya
   D. Tiwala sa sarili

3. Alin sa mga sumusunod ang mga gawaing kaugnay ng pananalig?
   A. Pagbibigay limos sa pulubi
   B. Magalang at matulungin sa kanyang mga magulang
   C. May positibong pananaw sa buhay
   D. Regular na pumupunta sa bahay sambahan at nananalangin

4. Anong katangian mayroon si Rommel sa kanyang madalas na pagboboluntaryo sa pamumuno ng dasal bago magsimula ang klase?
   A. Madasalin
   B. Mapanagutan
   C. Mahusay na lider
   D. Pasimuno sa gawain

5. Sino sa kanila ang nagpapakita ng positibong pananaw sa buhay?
    A. Si Elmer na sa kabila ng kahirapan sa buhay ay patuloy na kumakapit at umaasa na may darating na biyaya.
    B. Si Arman na gumagamit ng impluwensiya upang makamit ang nais sa buhay.
    C. Si Kim na palaging iniisip na hindi niya kayang gawin ang kanyang mga proyekto.
    D. Si Gian na palaging nakikipaglaro sa mga kapatid.

6. Tama ba na umasa sa isang bagay na walang kasiguruhan?
    A. Hindi. Dahil masakit ang mabigo.
    B. Oo. Dahil habang may buhay may pag-asa basta't magsikap lang.
    C. Hindi ko alam. Ayokong umasa sa wala.
    D. Ang ibig ko ay kasiguruhan, hindi puro asa.

7. Paano ang pananalig at pag-asa tumutuloy sa kabanalan?
    A. Kapag tayo ay nananalig, nanampalataya at umaasa lumilikha tayo ng kabutihan at sumusunod sa landas ng kabanalan.
    B. Kung tayo ay may panananalig at pag-asa, tayo ay nagiging banal.
    C. Ang pananalig at pag –asa ay daan patungo sa kabanalan
    D. Araw-araw na pupunta sa simbahan, magdasal at manalig upang maging banal.

8. Ano ang nagtuturo sa atin na magtiwala sa Diyos?
    A. Pananalig at pananampalataya
    B. Pag-ibig at pakikipagkapwa-tao
    C. Ang pananalig at pag-asa sa ating puso
    D. Ang pananalig at positibong pananaw sa buhay

9. Sa anong paraan natin mapapalalim ang ating kabanalan?
    A. Magdasal, manalig at gumawa ng mabuti sa kapwa
    B. Magtiwala sa Diyos at palaging magdasal
    C. Tumulong sa mga mahihirap at maysakit
    D. Palaging magsisimba

10. Paano mo matatamo ang iyong layunin sa buhay?

A. Magsusumikap sa pag-aaral, manalangin, mananalig at umasa

B. Maghahanap ng trabaho at magdasal

C. Mag-aaral nang mabuti at magpapakabait

D. Gagawin ang lahat upang makamit ang layunin sa buhay

| Modyul 5 | Pananalig at Pag-asa Tungo sa Kabanalan |
|---|---|



# Balikan

Ano nga ba ang pananalig? Ang pag-asa? Ang kahulugan ng mga salitang ito ang naging paksa sa nagdaang modyul na inyong tinalakay kung saan ito ay inaasahang lubos ninyong maunawaan.

Sa pagbabalik natin sa inyong natutunan ukol sa kahulugan ng pananalig at pag-asa, ang gawaing ito ay inaasahan kong masasagot mo ng tama. Sundin lamang ang ibinigay na panuto.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang ibig sabihin ng pananalig?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano ang kaibahan ng pananalig sa pag-asa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



# Tuklasin

**Gawain:** Basahin ang kuwento tungkol sa isang uri ng pagsasakripisyo upang matamo ang mithiin. Alamin kung tama ba ang mga tao sa kuwento sa paghahangad ng maraming pera bilang isang mabuting layunin sa buhay.



**Nasaan ang Iyong Kayamanan?**

May dalawampung taon na ang nakaraan, isang pangkat ng tao sa Papua New Guinea ang nagsimula ng isang kulto upang makuha ang isang kahon ng pera na nakatago sa isang bundok. Lubha silang nakumbinsi sa pagkuha ng kayamanang ito kaya gumawa sila ng lahat ng uri ng sakripisyo. Lubusan silang natangay at nagmistulang baliw sa kanilang mga paniniwala.

Hindi na sila makausap nang matino. Hindi na rin sila mapigilan. Nagtatrabaho at nagsasakripisyo sila araw at gabi. Hindi na rin nila inaalintan ang pagod dahil nais nila ang kahon ng pera. Wala nang iba pang mahalaga at wala nang ibang kumokontrol sa buhay nila kundi ang kanilang paniniwala at pagnanasa sa pera.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang kayamanan na nais makuha ng mga tao sa kuwento?
2. Paano nila ipinakita na seryoso sila sa pagkuha ng kayamanan?
3. Ano ang masasabi mo sa paraan kung paano nila pinagsikapang matamo ang kanilang layunin?



# Suriin

## Tandaan

Kapag tayo ay gumagawa ng kabutihan kasabay ng matibay na pananalig at pananampalataya, tayo ay tumatahak tungo sa landas ng kabanalan.

Ang pananalig sa Puong Maykapal ay nakasalalay kung paano natin ito isinasabuhay. Ito ay hindi lamang sa pamamagitan ng pagdasal o palagiang pagpunta sa bahay sambahan, kundi sa pamamagitan ng pagtugon sa mga dasal, pakikinig at pagsunod sa mga aral ng simbahan at positibong pananaw sa buhay.

Tama ba ang umasa sa isang bagay na walang kasiguruhan o hahayaan nalang natin na lumapit ang pagkakataon para sa atin?

Ang pananalig ay kapatid ng pag-asa. Habang tayo ay nananalig sa Puong Maykapal, tayo ay umaasa din na ang ating minimithi ay ating makakamit. Nananalig tayo at umaasa na dinggin Niya ang ating mga dalangin.

Tayo ay pinalaki ng ating mga magulang na may takot sa Panginoon. Simula sa ating pagkabata ay itinanim na sa ating puso't isipan ang pananalig at pananampalataya sa Puong Maykapal. Kasabay nito ay ang pag-asang makamit natin ang ating mga minimithi sa buhay. Kapag pinauunlad natin ang ating pananampalataya, tayo ay lumilikha ng kabutihan at sumusunod sa landas ng kabanalan. Upang mapalalim ang kabanalan, palakasin at tibayan natin ang ating pananalig sa Diyos. Kailangan nating magdasal, gumawa ng mabuti sa ating kapwa, at kumapit lamang sa pag-asang sa dulo nang lahat ng ito ay ang tagumpay at katuparan ng ating mga minimithi sa buhay.





# Pagyamanin

**A. Panuto**: Isulat ang PN sa patlang kung ito ay nagsasaad ng pananalig at PG kung ito ay nagsssaad ng pag-asa.

______1. Pagpunta sa bahay sambahan at pagdarasal araw-araw.

______2. Pagsusumikap at paggawa ng kabutihan sa kapwa.

______3. Paniniwala na makakamit ang tagumpay

______4. Ang Diyos lamang ang masasandalan, karamay at kasama na makakapitan.

______5. Patuloy na lumalaban at kumakapit sa kanyang pananampalataya.

**B. Panuto:** Markahan ang iyong mga gawang kabanalan sa antas na 1 hanggang 5, kung saan 5 ang pinakamataas.

_____ 1. Pagdarasal sa pook-dalanginan

_____ 2. Paglahok sa mga panrelihiyong pagdiriwang

_____ 3. Pagpapatawad sa nakagawa sa iyo ng pagkakamali

_____ 4. Pagdarasal araw-araw

_____ 5. Pagdalaw sa maysakit



# Isaisip

**Panuto:** Ipaliwanag ang inyong sagot sa mga katanungan.

1. Paano mo makakamit ang iyong mithiin sa buhay?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano- ano ang iyong puhunan sa pagkamit nito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**RUBRICS SA PAGMAMARKA**

| Mga Batayan | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayagang opinion. | Maayo sa paksa ang isinuat na talata |
| 2.Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata at ngkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat. May nilalaman ang kanyang mga pahayag. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Kulang ang mga bahagi nito. |



# Isagawa

**Panuto:** Isulat ang iyong pangako na pauunlarin mo ang kabanalan at aktibo kang makikilahok sa mga gawaing may kabanalan na magpapalapit sa iyo sa Diyos. Isulat ito sa loob ng disenyo.

**RUBRICS SA PAGMAMARKA**

| Mga Batayan | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayagang opinion. | Maayo sa paksa ang isinuat na talata |
| 2.Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata at ngkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat. May nilalaman ang kanyang mga pahayag. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Kulang ang mga bahagi nito. |



# Tayahin

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sumusunod na katanungan at bilugan ang titik ng inyong sagot.

1. Paano maipapakita ng isang batang iskawt ang kanyang pananalig sa Diyos? Sa pamamagitan ng ________________________.
   A. pagiging handa sa lahat ng panahon
   B. pagkamadasalin at hindi takot humarap sa pagsubok sa buhay.
   C. palaging pagpupunta sa bahay ambahan.
   D. pakikipagkapwa-tao.

2. Mahalaga ba sa isang iskawt na tulad mo ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay?
   A. Oo, upang maging sikat at maraming kaibigan.
   B. Hindi, dahil hindi naman ito mahalaga sa isang iskawt.
   C. Oo, dahil ito ay nagpapakita ng kabutihang loob at tiwala sa sarili.
   D. Oo, dahil ito ang nararapat para sa isang iskawt na tulad ko.

3. Si Ben ay isa sa mga iskawt sa kanilang paaralan. Paano makatutulong sa kanya ang pananalig at pag-asa upang siya ay hangaan at kilalanin bilang modelo ng mga iskawt?
   A. Ang kanyang pananalig at pag-asa ay makatutulong upang siya ay magkaroon ng tibay ng loob at positibong pananaw sa buhay.
   B. Makatutulong sa kanya ang pananalig at pag-asa upang siya ay hindi madaling matakot lalo na kung siya ay nag-iisa lang.
   C. Sa pamamagitan ng kanyang pananalig at pag-asa siya ay magkakaroon ng mabuting ugali.
   D. Ang pananalig at pag-asa ay magiging gabay niya sa araw-araw na gawain.

4. Sino sa mga sumusunod ang hindi nawawalan ng pag-asa?
   A. Si Ana na palaging nag-aalangan na sumubok dahil natatakot
   B. Si Hector na masyadong agresibo at sulong lang nang sulong
   C. Si Rona na patuloy na nananalig na kanilang malalampasan ang bigat ng buhay
   D. Si Rodel na palaging nagdadasal at humihingi ng tulong sa Diyos

5. Paano mo maisasabuhay ang iyong kabanalan?
   A. Magtiwala sa Panginoon at palaging sambitin ang Kanyang pangalan
   B. Gumawa ng mabuti at iwasang magsalita ng masasakit sa kapwa
   C. Magdasal araw-araw
   D. Iwasan ang masasamang tao at palaging manatili sa bahay

# Sanggunian


1. Department of Education. "Most Essential Learning Competencies". Date Accessed: November 26, 2020 https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf
2. Ngui, Arnold. *PANANALIG*. September 17, 2011. https://angui15.files.wordpress.com/2011/09/pananalig-sa-diyos.jpg
3. Sy, Shen. "ESP Q4 WEEK 2." EULOGIO RODRIQUEZ SR. ELEMENTARY SCHOOL: EULOGIO RODRIQUEZ SR. ELEMENTARY SCHOOL, April 30, 2018.
4. Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-145.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **LOURDES L. CACAYURAN**
R.T. Lim, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*